






# ANG PAGTATANIM NG MGA HISTORICAL EVIDENCE




SA HALIP, SINABI PA NG TSINA...
IN ACCORDANCE WITH THE PROVISIONS OF UNCLOS, THE PEOPLE'S REPUBLIC OF CHINA SHALL ENJOY SOVEREIGN RIGHTS AND JUSTIFICATION OVER AN EXCLUSIVE ECONOMIC ZONE (EEZ) OF 200 NAUTICAL MILES AND THE EXTENDED CONTINENTAL SHELF (ECS).
NGUNIT NOONG 1998, SINABI NG TSINA SA KANYANG ACT ON THE EEZ AND CONTINENTAL SHELF...
NO PROVISION OF UNCLOS CAN PREJUDICE HISTORICAL RIGHTS OF THE PEOPLE'S REPUBLIC OF CHINA.
HINDI MAAARING IPAGWALANG BISA NG MGA PROBISYON NG UNCLOS ANG MGA PANGKASAYSAYANG KARAPATAN NG TSINA.
SIMULA NOON, GINAMIT NA NG TSINA ANG NINE-DASHED LINE BILANG BASEHAN UPANG IGIIT ANG KARAPATAN NITONG ANGKININ ANG MGA TERITORYO NA NAKAPALOOB DITO.
EVERYTHING INSIDE THE NINE-DASHED LINE BELONGS TO CHINA!
ANG LAHAT NG NAKAPALOOB SA NINE-DASHED LINE AY PAG-AARI NG TSINA!
CHINA
TAIWAN
PARACELS
SCARBOROUGH SHOAL
South China Sea
SPRATLYS
PHILIPPINES
MALAYSIA
MALAYSIA
INDONESIA
HANGGANG SA KASALUKUYAN, GINAGAMIT NG MGA TSINO ANG NATURANG MGA PRUWEBANG PANGKASAYSAYAN
UPANG PATUNAYAN ANG KANILANG SOBERANYA SA MGA TERITORYONG NAKAPALOOB SA NINE-DASHED LINE.


AYON KAY FRANCIS XAVIER BONNET, ISANG FRENCH GEO-GRAPHER NA NAGSAGAWA NG PAG-AARAL TUNGKOL SA SOUTH CHINA SEA DISPUTE…
ANG KATOTO-HANAN AY "PLANTED" LAMANG AT DI TUNAY NA MAKASAYSAYAN ANG MGA MARKERS NA INI-LAGAY NG MGA TSINO SA PARACELS AT SPRATLYS.
WALANG KAHIT ANONG EBIDENSYANG MAKAPAGPAPATUNAY NA NAGKAROON NGA NG EKSPEDISYON ANG MGA TSINO SA PARACEL ISLANDS NOONG 1902.
?
ILANG DEKADA MATAPOS ANG UMANO'Y EKSPEDISYON, NAGKAROON NG MGA SIKRETONG EKSPEDISYON ANG TSINA PARA MAGLATAG NG MGA HISTORIAL MARKERS UPANG PALAKASIN ANG PAG-AANGKIN NITO NG TERITORYO SA SOUTH CHINA SEA.
SA MGA HISTORICAL MARKERS NA INILATAG SA IBA'T IBANG LUGAR SA SOUTH CHINA SEA, NAKASAAD ANG PETSA NG UMANO'Y ORIHINAL NA EKSPEDISYON KUNG KAILAN NATUKLASAN NG TSINA ANG MGA LUGAR NA ITO.
PAGTATANIM NG MGA HISTORICAL MARKER SA PARACELS NA INIATRAS ANG MGA PETSA
Shi Dao (Rocky Island) – petsang nakasulat: 1911; inilagay: June 1937
Lin Dao (Woody Island) – petsang nakasulat: 1921; inilagay: 1937
Lingzhou Dao - petsang nakasulat: 1921; inilagay: 1937
Sa sentro ng Lingzhou Dao - petsang nakasulat: 1911; inilagay: 1937
Timog Silangang Bei Dao (North Island) – petsang nakasulat: 1902
Dalampasigan sa Timog Silangang Bei Dao – petsang nakasulat: 1911; inilagay: 1937
ANG MGA HISTORICAL MARKERS NA MATATAGPUAN SA IBA'T IBANG LUGAR SA SPRATLYS AY MAY PETSANG 1946…
NGUNIT INILAGAY ANG MGA ITO NG TAIWANESE NAVY NOONG 1956.
"Ayon kay Mai Wenyu, ang ipinadala ng pamahalaang Guangdong upang bawiin ang Spratlys mula sa kamay ng mga sundalong Hapon, hindi nakarating sa Xiyue Dao at Nanwei Dao (Spratlys) ang mga barko ng Hukbong Dagat ng Tsina."
PATUNAY ITO NA 1956 LAMANG, AT HINDI 1946, INILAGAY ANG MGA HISTORIC MARKERS SA SPRATLYS!




SAMAKATUWID, **PINABULAANAN MISMO NG KMT**, ANG NAGPASIMULA NG NINE-DASHED LINE, ANG SINASABI NG TSINA NA NAPAGTIBAY NA ANG KARAPATAN NITO SA ILALIM NG NINE-DASHED LINE MAHI-GIT DALAWANG LIBONG TAON NA ANG NAKALIPAS.

WPS